

**MAHALAGANG IMPORMASYON:
Mga pagbabago sa iyong pagkakasakop sa Medi-Cal
habang ikaw ay buntis at pagkatapos mo manganak**

Ikaw ngayon ay may mga benepisyo sa Medi-Cal para lamang sa mga serbisyo na may kaugnayan sa pagbubuntis at emerhensya. Kapag ikaw ay buntis ng anim na buwan, maaari ka nang makakuha ng mga benepisyo ng Medi-Cal.

Sa pagbabagong ito para sa kumpletong mga benepisyo, kailangan mong sumali sa isang Medi-Cal Managed Care Health Plan (Managed Care Plan), nang may ilang mga pagpapaliban. Dahil ikaw ay buntis, kung ang iyong doktor ay hindi bahagi ng Managed Care Plan sa iyong county, maaari kang humiling ng isang pagpapaantala sa pagsali sa isang planong pangkalusugan hanggang 60 araw makalipas na ikaw ay manganak.

Ang Health Care Options (HCO) ay magpapadala sa iyo ng isang pakete tungkol sa mga planong pangkalusugan sa iyong county. Kung nais mo magpatuloy sa iyong kasalukuyang doktor, tanungin sa kanila kung sila ay kasali sa Managed Care Plan o tumawag sa mga planong pangkalusugan sa iyong county nang direkta bago pumili.

Upang sumali sa isang Managed Care Plan, humiling ng pagpapaantala sa pagsali, o kumuha ng dagdag na impormasyon tungkol sa Managed Care Plan, tumawag sa HCO sa kanilang numero na may libreng toll, sa pagitan ng mga oras na 8:00 AM at 5:00 PM, Lunes hanggang Biyernes.

Health Care Options: 1-800-576-6890

Bago ka tumawag sa isang HCO, kailangan mo na malaman ang pangalan ng iyong doktor. Kung gusto mo ng tulong nang personal, kasama sa iyong pakete ang isang listahan ng mga lokasyon at oras kung saan ka makakakuha ng tulong.

Kung hindi ka makakuha ng pagpapaantala sa pagsali sa isang planong pangkalusugan, kailangan mong pumili ng Managed Care Plan o pipili ng isa para sa iyo.